

# **Magalak ka Kapanalig!**

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

## **I. ANG TATLONG PAGBASA**

**UNANG PAGBASA (2 H 5:14-17)**

***Si Naaman na Ketongin ay Sumunod sa Propeta***

<sup>14</sup>NOONG mga araw na iyon, si Naaman ay lumusong sa Ilog Jordan at lumubog ng pitong ulit. At tulad ng sinabi ni Eliseo, nanauli sa dati ang kanyang katawan at kuminis mula sa ketong ang kanyang balat, tulad ng balat ng sangol.

***Ang Pasasalamat ni Naaman***

<sup>15</sup>Si Naaman at ang kanyang mga kasama ay nagbalik kay Eliseo. Sinabi niya, “Ngayo’y napatunayan kong walang ibang diyos sa ibabaw ng lupa kundi ang Diyos ng Israel. Narito, pagdamutan ninyo itong maliit kong nakayanan.”

<sup>16</sup>Ngunit sinabi ni Eliseo, “Buhay ang Panginoong Diyos na aking pinaglilingkuran. Hindi ako tuma-tanggap kahit ano.” Pinilit siya ni Naaman ngunit nagpakatanggi-tanggi siya.

<sup>17</sup>Dahil dito, sinabi ni Naaman, “Kung ayaw ninyo itong tanggapin, maaari po ba namang kargahan ko ng lupa rito ang dalawa kong kabayo? Mula ngayon, hindi na ako maghahandog sa ibang diyos maliban sa Panginoon.”

**Tema: Pagpapasalamat**

## **PAGPAPALIWANAG**

- Sinasabi sa b.14 na si Naaman na isang ketongin ay isang punong mandirigma. Humingi siya ng tulong kay Eliseo.
- Pitong beses siyang lumublob sa ilog Jordan.
- Ang bunga: siya ay luminis at gumaling.
- Sa b.15, bumalik si Naaman kay Eliseo.



- Ipinahayag ni Naaman ang kanyang napagtanto na walang Diyos kahit saanman sa mundo maliban sa Israel.
- Kanyang sinamba ang Diyos ng Israel, hindi na ang kanyang sinasambang mga diyos-diyosan.
- Bilang pagpapasalamat, hinandugan niya ng regalo si Eliseo.
- Nagpakita ng kababaang-loob si Eliseo.
- Sa b.16, hindi tinaggap ni Eliseo ang regalo ni Naaman. Mariin niyang tinanggihan ang regalo. Ang pagtanggap ito ni Eliseo ang nagtulak kay Naaman na mag-isip ng ibang paraan upang magpasalamat. Siya ay nag-alay (holocaust o burnt offering) sa Diyos ng Israel.
- Humingi siya ng lupa mula sa Israel upang magtayo ng templo ng Diyos ng Israel sa sarili niyang bayan.

## **PAGNINILAY**

Ang Diyos ng Israel ay isang makapangyarihang Diyos. Siya ang Diyos na nag-sugo kay Eliseo upang pagalingin si Naaman. Ang Diyos na ito ay hindi lamang para sa Israel kundi para sa lahat.

Paano natin maipapakita sa Diyos ang ating pagpapasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob niya sa atin?

**SALMONG TUGUNAN** (SIm 97)

**PANGINOONG NAGLILIGTAS SA TANANG  
BANSAY NAHAYAG.**

**IKALAWANG PAGBASA** (2 Tim 2:8-13)

*Ang Utos kay Timoteo*

PINAKAMAMAHAL KO, <sup>8</sup>alalahanin mo si Hesukristo, ang nagmula sa angkan ni David at ang muling nabuhay. Ito ang Mabuting Balitang ipinangangaral ko, <sup>9</sup>ang dahilan ng aking pagdurusang hanggang sa magapos na tulad ng isang salarin. Ngunit hindi maigagapos ang salita ng Diyos. <sup>10</sup>Pinagtitiisan ko ang lahat ng bagay alang-alang sa mga hinirang ng Diyos upang magtamo rin sila ng kaligtasang mula kay Hesukristo, at ng walang hanggang kaluwalhatian.

*Ano ang Mangyari kung Naalala natin si Hesukristo?*

<sup>11</sup>Narito ang kasabihang mapananaligan: “Kapag tayo’y namatay na kalakip ni Hesukristo, walang salang mabubuhay na kasama niya tayo; <sup>12</sup>kung tayo man ay magtiis ng hirap sa mundong ito, maghahari naman tayong kapiling ng ating Kristo; kapag siya’y itinakwil sa harapan ng mga tao pagdating ng takdang araw, itatakwil niya tayo. <sup>13</sup>Kung tayo ma’y hindi tapat, si Kristo ay tapat pa rin sapagkat ang sa kanya ay hindi niya itatakwil.”

**Tema: Ang Pag-alaala kay Hesukristo**

**PAGPAPALIWANAG**

- Sa b. 8, pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo (isang pinuno ng Simbahan) na alalahanin si Kristo. Bakit? Nakalimutan na ba ni Timoteo ang Panginoon?
- Pinaalalahanan lamang ni Pablo ang kanyang disipulo na si Timoteo na huwag sanang ipagsawalang-bahala ang salita ng Diyos na kanyang tahasang ipinahayag bago siya napiit sa kulungan.
- Nagdadalamhati si Pablo kapag nakakalimutan ng kanyang mga kapwa naglilingkod ang Panginoong Hesukristo.

- Sa b. 10, sinabi ni Pablo na kanyang ipinagpatuloy ang kanyang pagtitiis upang ang ibang pinili rin ng Panginoon ay maligtas.
- Ang kaligtasaan ay matatagpuan lamang kay Kristo. Siya ang katotohanan.
- Sa bb. 11-13, ipinakita ang mga mahahalagang aspeto ng ating pagkakristiyano.
- Sa b.11, ipinakita ang ating pagkamatay at muling pagkabuhay kay Kristo (sakramento ng binyag).
- Sa b. 12 isinalaysay naman ang kahihintulutan ng ating pagpapagal sa pagpapanatili sa ating mga sinumpaan noong tayo ay bininyagan. Tayo’y kasama ni Hesus sa kanyang paghahari.
- Sa b. 13, hindi man natin mapanatili ang ating mga sinumpaan noong tayo ay bininyagan, mananatili pa ring tapat si Kristo sa atin at kailanman, hindi siya magbabago.
- Ang hindi pagiging tapat sa Diyos ay isang pagtataksil sa sarili dahil hindi tayo tapat sa ating mga sarili sa harap ng ating Panginoon.

**PAGNINILAY**

Kung ikaw ay pinuno o namamahala sa simbahan, hindi ito nangangahulugan na hindi ka na maaaring paalalahanan. Dapat lamang na si Hesus ang nasa sentro ng iyong buhay.

**MABUTING BALITA** (Lc 17:11-19)

*Tagpo: Paglalakbay Patungong Jerusalem*

NOONG panahong iyon, <sup>11</sup>sa paglalakbay ni Hesus patungong Jerusalem, nagdaan siya sa hangganan ng Samaria at Galilea.

*Ang Sampung Ketongin*

<sup>12</sup>Nang papasok na siya sa isang nayon, siya’y sinalubong ng sampung ketongin. Tumigil sila sa malayu-layo <sup>13</sup>at humiyaw ng: “Hesus! Panginoon! Mahabag po kayo sa amin!” <sup>14</sup>Nang makita sila ay sinabi niya, “Humayo kayo at pakita sa mga saserdote.” At samantalang sila’y naglalakad, gumaling sila.

*Ang Isang Ketongin na Samaritano*

<sup>15</sup>Nang mapuna ng isa na siya’y magaling na, nagbalik siyang sumisigaw ng pagpupuri sa

Diyos. <sup>16</sup>Nagpatirapa siya sa paanan ni Hesus at nagpasalamat. Ang taong ito’y Samaritano. <sup>17</sup>“Hindi ba sampu ang gumaling?” tanong ni Hesus. “Nasaan ang siyam? <sup>18</sup>Wala bang nagbalik at nagpuri sa Diyos kundi ang dayuhang ito?” <sup>19</sup>Sinabi ni Hesus sa kanya, “Tumindig ka’t humayo sa iyong lakad! Pinagaling ka dahil sa iyong pananalig.”

**Tema: Pagpapasalamat**

## **PAGPAPALIWANAG**

- Sa b. 11, ipinagpatuloy ni Hesus ang kanyang paglalakbay.
- Siya ay naglakbay mula Galilea patungong Samaria (baliktad ang nakasaad sa teksto).
- Ipinakilala sa b.12 ang sampung ketongin. Alam nila ang kanilang limitasyon.
- Sabay-sabay silang tumayo malayo mula kay Hesus. Sa b.13, sabay-sabay din silang nagsalita.
- Sa b.14, ang sagot ni Hesus sa kanila ay kakaiba: hindi niya sinabing, “lumapit kayo” bagkus, ang sabi Niya, “Punta kayo sa mga Saserdote.
- Marahil, sinabi niya ito sapagkat mayroong kakaibang nagaganap (marahil, naipapatupad ng mga saserdote ang kanilang mga tungkulin nang tama). Sumunod naman ang mga ketongin at sila ay gumaling.
- Sa b. 15, isang partikular na ketongin ang binigyang pansin ni San Lucas. Ito ang ketonging bumalik kay Hesus na puno ng pasasalamat at kagalakan.
- Nakita ng ketonging ito na ang kamay mismo ng Panginoon ang siyang nagpagaling sa kanya.
- Sinasamba niya si Hesus at pinasalamatan.
- Ang ketonging ito ay isang Samaritano.
- Bakit binigyan ng diin na ang ketonging ito ay isang Samaritano?
- Noong mga panahong iyon, ang mga Hudyo at Samaritano ay hindi magkasundo sa kadahilanang may kaugnayan sa kani-kanilang relihiyon at pinagmulan.
- Sa b.17 binigyang diin nito ni Hesus sa kanyang tanong: “Nasaan ang siyam?”
- Ipinapakita lamang ni Hesus sa kanyang pagtatanong ang kahalagan ng pagpapasalamat sa Diyos.

- Ang Samaritano na dapat sana’y kaaway ng mga Hudyo, ang siya pa mismong gumawa ng tama at nararapat.
- Nilalahad ng b.18 ang lahat ng mahahalagang naganap sa bb.15-16 (pagbalik at pasasalamat).
- Sa b.19, pinatayo ni Hesus ang Samaritano at saka pinaalis. Pinagtibay ni Hesus ang pananampalataya ng Samaritano.

## **PAGNINILAY**

Magpasalamat tayo sa mga biyaya ating natanggap at ibahagi natin ito sa ibang tao. (ni Ian Ceblano)

## **II. PAG-UUGNAY**

Isinalaysay sa Unang Pagbasa ang pagpapasalamat sa pagkatapos ng biyaya ng pagpapagaling. Sa Ikalawang Pagbasa, tinalakay ang pagpapasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng pag-alala kay Hesus bilang ating kaligtasan. Sa Ebanghelyo, muling tinalakay ang pagpapasalamat sa Diyos pagkatapos ng pagpapagaling. Sinasabi rito na lahat ng taong pinagaling at nakaramdam ng pagpapala ng Panginoon ay dapat magpasalamat at hindi lamang ng iilan.

## **III. SALAMIN NG BUHAY**

1. Sa iyong pagpapahayag ng Mabuting Balita sa Parokya, anu-ano ang nagdudulot ng kasiyahan. Magbigay ng maraming halimbawa.
2. Magbigay ng personal na halimbawa ng iyong mga paghihirap at kasiyahan naranasan simulang ikaw ay nagninilay ng Salita ng Diyos— sa iyong komunidad (bahay, skul, o parokya). Ialay ang lahat nang ito sa Diyos.

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**  
*Isinalin ni Ian Ceblano at Kerwin Timothy Gaza*

*(Pangwakas na Panalangin)*